Australian Government
Department of Home Affairs

# Information about DNA testing for visa and citizenship applicants
# Impormasyon tungkol sa pagsusuri ng DNA sa mga aplikante para sa visa at pagkamamamamayan

Form
**1259i TAG**
TAGALOG

## Tungkol sa DNA

DNA (Deoxyribonucleic acid) ay ang materyal na nasa lahat ng selyula sa katawan. Halimbawa, ito'y nasa dugo, dura, kutis at buhok. Ang lahat ay may DNA. Minamana ang isang tao ang itsura ng kanilang DNA mula sa mga magulang. Kaya ang mga magkakamag-anak sa dugo ay magkakapareho ang kanilang DNA.

## Pagsusuri ng DNA

Ang pagsusuri ng DNA ay ang pagkukumpara ng genetic (generic) na materyal ng 2 o mas marami pang tao upang malaman kung sila ay may bayolohikang pagkakapareho. Ang genetic na materyal na susuriin ay pangkaraniwang kinukuha sa isang "mouth swab" (may bulak na pampahid sa loob ng bibig) o patak ng dugo.

## Bakit may mga aplikanteng kinakailangang masurian ng DNA

Ang Department of Home Affairs (ang Departamento) ay nagrerekomenda sa pagsusuri ng DNA bilang isang pamamaraan sa pagbibigay ng katunayan sa isang kahilingan sa pagiging magkakamag-anak sa dugo. Karaniwan, may mga ibang uri ng pagpapatunay katulad ng mga sertipiko ng kapanganakan o aklat ng pamilya. Ngunit, ang pagsusuri ng DNA ay isang mahalagang pagpipilian magagamit kung ang katunayang dokumento sa pagkakamag-anak sa dugo ay hindi maaasahan o wala.

Ang Departmento ay maaaring magmungkahi na magkakaroon kayo ng pagsusuri ng DNA bilang katunayan sa pagkakamag-anak sa dugo kung hindi nasisiyahan ang Departamento sa ibinigay na katibayan tungkol sa kahilingang may kaugnayan.

Maaari kayong kailanganing magbigay ng katibayan sa pagkakamag-anak upang masagot ang mga kriterya sa pagbibigay ng isang bisa o pagkamamamayang Australyano dahil sa pagiging kamag-anakan. Ang resulta ng pagsusuri sa DNA ay nagbibigay ng katunayan sa pagkakamag-anak, halimbawa ang ugnayan ng magulang sa anak o ang mga babae o lalaking magkakapatid.

## Ang pagsusuri ng DNA ay hindi sapilitan

Hindi kayo obligadong magpakuha ng pagsusuri sa DNA kung ito ay iminungkahi.

Ang pagsusuri ng DNA ay hindi kinakailangan ng batas. Ito ay isang uri ng katibayan; kadalasan ay katumbas ng 'birth certificate'. Kung gusto ninyong sumailalim sa pagsusuri ng DNA, ang Departmento ay magbibigay ng impormasyon kung paano isasagawa ito na tumutugon sa pangangailangan ng Departamento. Ang anumang pagsusuring nakuha na labas sa mga pangangailangan ng Departmento ay maaaring hindi tatanggapin.

Kung nagpasya kayong hindi magpapasuri ng DNA, ang desisyon tungkol sa inyong aplikasyon ng Bisa o pagkamamamayan dahil sa pagkakamag-anak ay gagawin base sa impormasyong hawak ng Departamento nang panahong iyon.

## Kabayaran sa pagsusuri ng DNA

Ang mga aplikante sa bisang pangmigrante o pagka-mamamayang Australyano dahil sa pagiging kamag-anak/angkan ay kailangang magbayad sa lahat ng gastos sa pagsusuri ng DNA.

Ang Departamento ang magbabayad sa buong halaga ng pagsusuri sa DNA sa mga aplikante ng refugee visa. Ngunit, ang mga aplikante ng Special Humanitarian Program na inalok na magpakuha ng pagsusuri sa DNA ay kailangang magbayad sa lahat ng mga nagastos dito.

## Pagpapayo

Maaari kayong humingi ng payo sa isang doktor bago kayo magpasyang magpapasuri ng DNA. Maaari rin kayong humingi ng payo pagkatapos malaman ang resulta ng pagsusuri.

**Pabatid:** Kayo ay responsable sa pagbabayad ng anumang pagpapayo na ginawa sa inyo.

## Ano ang ipinapakita ng resulta sa pagsusuri ng DNA

Ang pagsusuri ng DNA sa isang magulang at isang anak ay nagpapakita ng kanilang kaugnayan sa dugo.

Halos ang lahat ng pagsusuri sa DNA ay nagpapatunay ng pagkakamag-anakan.

Kung minsan, ang pagsusuri sa DNA ay hindi nagbibigay ng malinaw na pagkakamag-anak sa dugo ng ibang kapamilya. Kung ang resulta ay hindi malinaw, ipaliliwanag ng laboratoryo ang mga resulta.

## Saan gagamitin ang resulta ng pagsusuri ng DNA

Ang mga resulta sa pagsusuri ng DNA na ipinakita sa Departamento ay gagamitin lamang para sa pangangailangan ng imigrasyon.

## Mahalagang impormasyon tungkol sa pagkapribadod

Ang *Privacy Act 1988 (Batas sa Pagkapribado ng 1988)* ay naglalaman ng 13 na Patakaran ng Pagkapribado sa Australya na nag-aayos sa pamamaraan ng pangungulekta at pangangasiwa ng Departamento ng mga personal na impormasyon. Ang impormasyon tungkol sa pamamaraan ng Departamento sa pagkalap, paggamit at pagsiwalat ng personal na impormasyon para sa mga mahahalagang gawain nito ay maaaring makita sa pormang1442i *Privacy notice (Pribadong pasabi)*. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pangkalahatang pangangasiwa ng impormasyon ng Departamento (kabilang ang pormang 1442i) ay maaaring makita sa Pangpribadong patakaran ng Kagawaran sa **https://www.homeaffairs.gov.au/access-and-accountability/our-commitments/privacy**

Ang mga laboratoryo sa pagsusuri ng DNA ay kailangang bigyan ninyo ng pahintulot bago sila makapagbigay ng mga resulta sa DNA sa Departamento o sa isang "sponsor" (tagapagtaguyod)

Maaari kayong makakuha ng dagdag na impormasyon tungkol sa pagkapribado at kompidensyalidad tungkol sa mga resulta ng pagkasuri ng inyong DNA mula sa laboratoryong gumawa ng pagsusuri.

## Mga laboratoryo sa pagsusuri ng DNA

Kung ang Departamento ay nagmungkahi sa inyo na sumailalin sa pagsusuri ng DNA, piliin ang laboratoryong aprobado ng National Association of Testing Authorities, Australia (NATA) para sa pagpapasuri ng batas pampamilya at para sa mga kliyenteng susuriin sa labas ng Australya, na makakatupad sa mga pangangailangan ng Departamento sa pagpapasuri ng DNA para sa pang-internasyonal na gamit.

**Pabatid:** Kailangan ninyong pumili ng isang aprubadong tagakulekta ng pang-DNA na sampol.

Tingnan ang hakbang ika-3 sa ibaba kung paano kayo pipili ng laboratoryong nagsusuri ng DNA at hakbang ika-5 kung paano pipili ng kolektor ng pang-DNA na sampol.

## Ang proseso ng pagsusuri sa DNA

Ang proseso sa pagsusuri ng DNA ay ginagawa sa mga sumusunod na hakbang:

1. Susulatan kayo ng Departamento na nagmumungkahi ng inyong pagpapasuri ng DNA. Ang sulat ay magbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa pagsusuri ng DNA, ang prosesong gagawin at kung paano pipiliin ang isang nagsusuring laboratoryo at pagkolekta ng DNA sample.
2. Kayo ang magdedesisyon kung gusto ninyong ipagpatuloy ang pagpapasuri ng inyong DNA. Maaari kayong humingi ng payo mula sa isang pangkalusugang propesyonal o doktor sa lupon ngunit kayo ang magbabayad.

   Kung nagpasiya kayong **hindi** itutuloy ang pagpapasuri, ang Departamento ay magdedesisyon tungkol sa inyong aplikasyon para mabigyan ng bisa o pagkilala bilang mamamayan dahil sa pagkakamag-anakan sang-ayon sa hawak nilang impormasyon nang panahong iyon.

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020

3. Kung magpasyang itutuloy ninyo ang pagsusuri ng DNA, pumili ng laboratoryong aprobado ng NATA para sa gagamiting pagsusuri ng batas pampamilya at ganoon din para sa mga kliyenteng masusuri sa labas ng Australya na makakatugon sa mga pangangailangan ng Departamento sa pagpapasuri ng DNA sa pang-internasyonal na gamit.Upang makahanap ng isang laboratoryo:
   - pumunta sa NATA website sa **www.nata.com.au/accredited-facility**
   - para sa paghahanap ng mga akreditong nagsusuring laboratoryo, pumumta sa 'Keyword' search window at isulat ang katagang 'Parentage Testing' at pindutin ang 'SEARCH'; at
   - tawagan ang inyong napiling laboratoryo upang makatiyak na kaya nitong gawin ang mga hinihiling ng Departmento.

   **Pabatid:** May laboratoryong pinili na para sa inyo kung kayo ay aplikante ng "refugee visa".
4. Kung nakapili na kayo ng isang laboratoryong magsusuri ng DNA, kailangang tawagan ito at makipag-ayos ng pakikipagtipan at ang pagbabayad ng mga gastusin sa pagpapasuri ng DNA.

   Dagdag pa rito, itanong sa laboratoryo kung kailangan ninyong ibigay ang mga pormang 1528 *DNA Collection Statutory declaration* at 1527 *DNA Collection Cover sheet* sa kanila para kompletuhin, pirmahan at ibigay nila sa kinauukulang opisina na nagpoproseso ng visa. Ang mga pormang 1528 at 1527 ay makukuha mula sa website ng Departmento **www.homeaffairs.gov.au/allforms**

   **Pabatid:** Kung kayo ay susuriin sa labas ng Australya, baka kinakailangan ninyong ipadala sa laboratoryo ang pagtularang porma (template) upang makumpleto at mapirmahan ito kung ang Departmento ay may kaayusang nakalatag tungkol sa paggamit nitong partikular na laboratoryo sa mga deklarasyong legal.
5. Kinakailangang pumili ng isang tagakulekta ng sampol pang-DNA at magbigay ng inyong mga detalyeng matatawagan ng laboratoryo na nagsusuri ng DNA upang makapag-areglo ng kaaayusan para sa pagkulekta ng sampol. Sa pagpipili ng isang tagakulekta ng sampol pang-DNA:
   - kung kayo ay nasa labas ng Australya – ang nauukol na opisinang tagaproseso sa ibayong-dagat ay maaari nang nakapagbigay sa inyo ng listahan ng mga mapagpipiliang aprobadong tagakulekta ng sampol na pang-DNA sa sulat na nag-aalok sa pagsusuri ng DNA; o
   - kung kayo ay nasa loob ng Australya – kailangan ninyong pumili ng isang sentrong tagakulekta ng dugo (pathology collection centre) (o, sa mga walang malapit na sentro, maaaring gawin nito ng karaniwang doktor) sa Australya na nakakasagot sa Departamento tungkol sa pagkukulekta ng sampol pang-DNA sang-ayon sa layunin ng batas pampamilya.
6. Kung hindi pa ninyo nagawa, ang laboratoryo ay saka magpapadala ng pakete ng sampol sa pagsusuri at kung kinakailangan, ang nakumpleto at pirmadong deklarasyong legal sa:
   - kung kayo ay nasa labas ng Australya – ang opisinang nagpoproseso sa mga aplikasyon ng visa o pagkamamamayan. (Ngunit, depende sa lokal na mga pangangailangan, maaaring may mga pagkakataon na ang pakete ng sampol at napirmahang deklarasyong legal ay direktang ipinapadala sa inyong piniling tagakulekta ng sampol pang-DNA); o
   - kung kayo ay nasa loob ng Australya – ang inyong piniling tagakulekta ng sampol na pang-DNA.
7. Saka tatawagan kayo ng laboratoryong tagasuri ng DNA upang makipag-ayos sa pagkulekta ng mga sampol mula sa inyo at mga ibang taong susuriin ang DNA. Ang mga sampol ay kukunin sa pamamagitan ng isang pagpunas sa loob ng bibig o sa patak ng dugo.

   Isang kinatawan ng Departmento ang **kailangang** nakabantay habang kinukuha ang mga halimbawang gagamiting sa pagsusuri ng DNA mula sa lahat ng mga nagbigay nito sa labas ng Australya. Paminsan-minsan, ang mga nakuhang sampol mula sa mga nagbigay sa loob ng Australya ay kakailanganin ding masaksihan.

   Ang mga pagsusuri sa DNA na hindi makakatugon sa mga pangangailangan ng Departmento ay maaaring hindi tatanggapin. (Ang mga resulta sa pagsusuri ng DNA na aprobado sa Australya ay maaaring tanggapin.
8. Sa oras ng pangangalap ng sampol para sa DNA, kinakailangang ninyong makumpleto at mapirmahan ang pormang 1526 *DNA Collection Consent declaration* na makukuha mula sa website ng Departamento (na dadalhin ninyo upang ipakita sa tagakolekta ng sampol ng DNA). Ang pahayag ng pagpayag ay gagamitin bilang pagpapahintulot ninyo na maibigay ang mga resulta ng pagsusuri sa Departamento. Bawat taong kinukunan ng sampol ay kailangang magbigay ng pahayag ng pagpayag sa oras ng pagkuha ng mga sampol at ipadala ito sa sa:
   - kung kayo ay nasa labas ng Australya – ang testigo ng Departamento, na siyang magpapadala sa nakumpletong pahayag ng pagpayag, kasama ang mga sampol, sa kaukulang tagasuring laboratoryo ng DNA (pabatid: sa bihirang mga kaso, ang tagakulekta ng sampol ang gagawa nito); o
   - kung kayo ay nasa Australya, at walang testigong taga-Departamento – ang kumulekta ng sampol para sa DNA ang siyang magpapadala ng nakumpletong pahayag ng pagpayag, kasama ng mga sampol, sa kaugnay na laboratoryong tagasuri ng DNA.

   Ang mga resulta ng pagsusuri ng DNA ay ipapadala sa inyo at sa Departmento, at kadalasang nakukuha mga 14 araw pagkatanggap ng laboratoryo ang lahat ng mga sampol.
9. Kung ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita ang hindi inaasahang kaugnayan sa dugo (halimbawa, ang ginawang pagsusuri ay nagtatanggi sa isang nagtataguyod na magulang ('parent' donor), maaari kayong kumuha ng pagpapayo. Isang doktor sa lupon ay maaaring hirangin ng Gobyerno ng Australya na magbigay ng ganitong pagpapayo ngunit babayaran ninyo ang serbisyo niya.

   **Pabatid:** Kung kinakailangan ninyo ng mga serbisyong ito at hindi pa kayo pinagpayuhan kung paano tumawag sa isang doktor sa lupon, maaari kayong makakuha ng mga detalye mula sa kaugnay na opisina ng Departamento na nagpoproseso sa aplikasyon ng bisa o pagkamamamayan.

## Basahin itong impormasyon sa ibang mga wika

Maaaring magkaroon ng impormasyong ito sa sumusunod na wika:

- Amharic
- Arabo
- Dari
- Franses
- Hakha Chin (Chin state – Burma)
- Kurdis (Kurmanji)
- Kurdis (Sorani)
- Tsino (Simplified)
- Somali
- Tagalog (Filipino)
- Biyetnames

## Kailangan ng dagdag na impormasyon tungkol sa pagsusuri

Kung kayo o ang inyong kamag-anak ay sinabihang magpasuri ng DNA at kayo ay mayroong mga katanungan tungkol sa pagsusuri ng DNA, tawagan po lamang ang opisina ng Departamentong nagmungkahi ng inyong pagpapasuri o bisitahin ang website sa **www.homeaffairs.gov.au**

| | |
|---|---|
| *Home page* | **www.homeaffairs.gov.au** |
| *Pangkalahatang mapagtatanungang linya* | Tawagan ang **131 881** sa oras na may opisina sa Australya upang makausap ang isang opereytor (may naka-'tape' na impormasyong mapapakinggan sa mga oras na walang opisina). Kung nasa labas ng Australya, tawagan ang pinakamalapit na misyon o embahada ng Australya. |


© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020